# Huwag ninyo siyang sumpain sapagkat sumpa man kay Allāh, ang nalaman ko ay na siya ay nagmamahal kay Allāh at sa Sugo Niya."}

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya): {May isang lalaki sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pangalan ay `Abdullāh. Ito noon ay tinataguriang bilang Ḥimār. Ito noon ay nagpapatawa sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang Propeta minsan (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humagupit dito dahil sa pag-inom [ng alak]. Dinala na naman ito isang araw saka hinagupit ito kaya may nagsabing isang tao kabilang sa mga tao: "O Allāh, sumpain Mo siya! Anong dami ng paghahatid sa kanya!" Kaya nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag ninyo siyang sumpain sapagkat sumpa man kay Allāh, ang nalaman ko ay na siya ay nagmamahal kay Allāh at sa Sugo Niya."}

[صحيح] [رواه البخاري]

Noong panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay may isang lalaking ang pangalan ay `Abdullāh at tinataguriang bilang Ḥimār. Ito noon ay nagpapatawa sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ilan sa pananalita nito. Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humagupit nga rito dahil sa pag-inom ng alak, saka inihatid na naman ito isang araw dahil sa pag-inom ng alak kaya nag-utos siya na parusahan ito saka hinagupit ito. Inalipusta ito ng isa sa mga nakadalo at sinabi niyon: "Sumpain siya ni Allāh! Anong dami ng paghahatid sa kanya! Uminom na naman siya ng alak!" Kaya nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong manalangin sa kanya ng pagtaboy mula sa awa ni Allāh sapagkat sumpa man kay Allāh, wala akong nalaman kundi na siya ay umiibig kay Allāh at sa Sugo Niya."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66214

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee